


Filipino

Ikatlong Markahan – Modyul 6: Talumpati mula sa South Africa (Panitikan ng Africa at Persia)



Filipino – Baitang 10
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 6: Talumpati mula sa South Africa
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Modyul 6		
Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul		
Manunulat:	Jemily J. Rabanes	Marc Daniel N. Ireneo
	Jea Mae A. Duclayan	Wilma S. Gonzales
Editor:	Elsa M. Calado	Genevieve B. Ugay
	Bernardo T. Rombawa	Rowena R. Abad
Tagasuri:	Arabella May Z. Soniega	Editha T. Giron
	Gina A. Amoyen	Felipa T. Regaspi
Tagaguhit:	Therese A. Mananghaya	Dustin G. Calderon
	Mardee Isabel B. Olivar	
Tagalapat:	Crisanto P. Uberita	Mary Ann L. Cabilan
	Gilbert R. Esguerra	
Tagapamahala:	Tolentino G. Aquino	Rowena C. Banzon
	Arlene A. Niro	Agnes B. Cacap
	Gina A. Amoyen	Genevieve B. Ugay
	Editha T. Giron	Bernardo T. Rombawa

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region I

Office Address: Flores St., Catbangan, San Fernando City, La Union

Telefax: (072) 682-2324; 607-8137; 607-8143; 607-8136 (f); 607-8133

E-mail Address: region1@deped.gov.ph

Filipino

**Ikatlong Markahan – Modyul 6:
Talumpati mula sa South Africa
(Panitikan ng Africa at Persia)**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Magandang araw sa iyo aking minamahal na mag-aaral! Natutuwa ako sa matagumpay mong pagsagot sa nakaraang aralin at tiyak kong ikaw ay lubos na nasiyahan sa iyong aralin tungkol sa Anekdotang mula sa Persia. Ngayon, tayo ay lilipad papunta sa Africa, isa sa pinakamalaking kontinenteng mayaman sa kultura at likas na yaman.

Ang Modyul 6 ay tungkol sa sanaysay mula sa South Africa. Ito ay base sa isang talumpati na binigkas ni Nelson Mandela matapos mahalal bilang kauna-unahang “black” na pangulo ng Timog Africa. Nilayon ng kaniyang talumpati na pasalamatang ang lahat sa suporta na ibinigay, pagtatapos ng batas sa apartheid (Batas na naghihiwalay sa mga itim at puting mamamayan) at mga plano para sa Timog Africa.

Sa tulong ng iba't ibang gawain, tuklasin kung mabisa bang paraan ang sanaysay sa paglalahad ng mahahalagang impormasyon sa kultura ng Africa at kung paano nakatutulong ang angkop na mga tuwiran at di-tuwirang pahayag sa paglalahad ni Nelson Mandela at iba pang mahusay na mananalumpati.

Sa pagtatapos ng araling ito ay inaasahang masasagot nang may pag-unawa ang mga pokus na tanong na:

Gaano kahalaga sa isang tao, sa isang lahi, at sa isang bansa ang kalayaan? Paano ka magiging susi ng pinapangarap na kapayapaan, kalayaan, at katarungan? Paano magiging mabisa ang paggamit ng tuwiran at di-tuwirang pahayag sa pagsasalaysay ng mga isyu ng lipunan?

Sa pagkakataong ito, ikaw ay inaasahang makagagawa ng isang talumpati upang mas madaling matukoy ang mahahalagang impormasyon na nais nitong ipabatid.

Sa pag-aaral ng modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod:

Mga Pinakamahahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC)

1. Naipaliliwanag ang mga likhang sanaysay batay sa napakinggan **(F10PN-III-f-g-80)**
2. Naihahambing ang pagkakaiba at pagkakatulad ng sanaysay sa ibang akda **(F10PB-III-f-g-84)**
3. Naibibigay ang katumbas na salita ng ilang salita sa akda (analohiya) **(PT-III-f-g-80)**
4. Naibibigay ang sariling reaksiyon sa pinanood na video na hinango sa youtube **(F10PD-III-f-g-78)**
5. Naisusulat ang isang talumpati na pang-SONA **(F10PU-III-f-g-82)**
6. Nagagamit ang angkop na mga tuwiran at di-tuwirang pahayag sa paghahatid ng mensahe **(F10WG-III-f-g-75)**

Handa ka na bang muling maglakbay? Halika na't ating alamin ang ganda ng Timog **Africa** sa pamamagitan ng mga sumusunod na aralin at gawain.



Subukin

Bago tayo dumako sa ating pagtalakay tungkol sa sanaysay/talumpati, narito ang paunang pagtataya upang malaman ang iyong inisyal na kaalaman hinggil sa paksang tatalakayin.

PAUNANG PAGTATAYA

Panuto: Basahin at unawain ang bawat tanong sa ibaba. Pagkatapos, isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

- _____ 1. Anong uri ito ng panitikang isinusulat ang sariling kaisipan, kuro-kuro, saloobin at damdamin na kapupulutan ng aral at aliw sa mambabasa?
A. nobela
B. maikling kuwento
C. sanaysay
D. epiko
- _____ 2. Anong uri ito ng sanaysay na may layuning magbigay impormasyon o kaalaman tungkol sa paksa?
A. pormal na sanaysay
B. di-pormal na sanaysay
C. Talumpati
D. wala sa nabanggit
- _____ 3. Anong uri ito ng sanaysay na may layuning magbigay-aliw o magbigay lugod dahil ang salitang ginamit ay malarawan?
A. pormal na sanaysay
B. di-pormal na sanaysay
C. Talumpati
D. wala sa nabanggit
- _____ 4. Bakit nagiging malinaw ang isang sanaysay o talumpati?
A. dahil sa mga tuwiran o di-tuwirang pagpapahayag
B. dahil sa matatalinhagang salita
C. dahil sa simbolismong nakapaloob
D. dahil sa ideyang nakapaloob dito
- _____ 5. Ano ang pahayag na may pinagbabatayan o ebidensiya kaya't nagiging kapani-paniwala ito?
A. katibayang pahayag
B. tuwirang pahayag
C. di-tuwirang pahayag
D. opinyong pahayag
- _____ 6. Anong uri ng pahayag sa ibaba ang batay sa sariling opinyon ng manunulat?
A. katibayang pahayag
B. tuwirang pahayag
C. di-tuwirang pahayag
D. opiniyong pahayag

- ____7. “Kinakailangan nating magtulungan upang magkaroon ng katiwasayan ang ating bayan.” Ano ang kahulugan ng salitang may salungguhit sa pangungusap?
- A. kaayusan
 - B. kaguluhan
 - C. kapayapaan
 - D. katahimikan
- ____8. Sino ang kauna-unahang pangulong itim ng Timog Africa?
- A. Dilma Rouseff
 - B. Nelson Mandela
 - C. Jack Driberg
 - D. Nnamdi Azikiwe

Para sa bilang 9-10, basahin at unawain ang talata sa kahon

“Ang ating mga nagawa bilang ordinaryong mamamayan ng Timog Africa ay kailangang magbunga ng tunay na mamamayan nito na magpapalawak sa paniniwala ng sangkatauhan sa katarungan, magpapalakas sa tiwala sa kadakilaan ng kaluluwa, at magtutustos sa lahat ng ating pag-asa sa kapakinabangan ng buhay ng lahat.”

Salin mula sa talumpati ni Nelson Mandela

- ____9. Alin sa sumusunod ang nagpapatunay ng nagawa ng mga ordinaryong mamamayan ng Timog Africa?
- A. magpapalawak sa paniniwala ng sangkatauhan sa katarungan
 - B. magpapalakas sa tiwala sa kadakilaan ng kaluluwa
 - C. magtutustos sa lahat ng pag-asa sa kapakinabangan ng buhay ng lahat
 - D. Lahat ng nabanggit
- ____10. Kailangan nating palakasin ang tiwala sa **kadakilaan** ng kaluluwa ng mga ordinaryong mamamayan ng Timog Africa. Ano ang ibig sabihin ng salitang kadakilaan?
- A. kabantugan
 - B. kahusayan
 - C. kalinisan
 - D. karangalan

Magaling! Nasagot mo na ang paunang pagtataya. Sa pamamagitan nito, nataya ang iyong kaalaman hinggil sa paksang ating pag-aaralan. Huwag kang mabahala kung mababa man ang iskor na iyong nakuha. Pagkatapos ng araling ito ay tiyak na mapauunlad mo pa iyan at marami kang matututuhan. Lalo mo pang pagsumikapan habang tayo’y nagpapatuloy.

Aralin 6.1

Talumpati mula sa South Africa Nelson Mandela: Bayani ng Africa




Balikan

Sa nakaraang modyul, natalakay natin ang akdang “Ang Alaga”. Bilang pagbabalik-tanaw sa kasanayan sa nakaraang modyul, isasagawa mo ang gawain gamit ang konsepto ng mga pagpapahayag ng opinyon. Tara na’t magsimula na tayo!

GAWAIN 1: Magbalik-Tanaw Ka!

Panuto: Sagutin nang maikli ngunit makabuluhan ang tanong sa ibaba tungkol sa maikling kuwentong “Ang Alaga” Isulat ang sagot sa sagutang papel.



GAWAIN 2: Magnilay Ka!

Ano ang pinakamahalagang kaisipan ang naunawaan mo sa akdang “Ang Alaga”? Papaano mo ito magagamit sa iyong buhay? Ipaliwanag sa

pamamagitan ng organisadong mga pangungusap na hindi bababa sa anim at isulat sa sagutang papel.

Magaling! Matagumpay mong napag-aralan sa nakaraang aralin ang kahalagahan ng pagmamalasakit mula sa akdang “Ang Alaga”, isang maikling kuwento na mula sa Silangang Africa. Nawa’y lagi mo ring isaisip ang mga salita o pahayag na naglalahad ng opinyon.



Tuklasin

Tunghayan mo ang talumpati ni Nelson Mandela. Suriin at unawaing mabuti ang mga nakapaloob sa kanyang talumpati. Tuklasin mo kung ano ang pinagdaanan ng mga taga-Africa at kung paano nila nalampasan ito sa tulong ni Nelson Mandela. Ngunit bago iyon, halina’t kilalanin mo muna siya nang lubusan at nang malaman mo ang kaugnayan nito sa kanyang talumpati.

SINO SI NELSON MANDELA?



Si **Nelson Mandela** (1918-2013) ay naging

presidente ng Timog Aprika noong 1994 hanggang 1999. Siya din ang kauna-unahang “Black African” na naging presidente. Noong 1948, pinamahalaan niya ang mga National Party sa Timog Africa. Ito ay ang gobyernong binubuo ng mga plosiyang maghihiwalay sa mga puti at hindi buti na siya ding tinatawag na *Apartheid*. Sa polisiyang ito, kinakailangan manirahan at gumamit ng pampublikong lugar ang mga hindi puti. Naging bawat din sa kanila ang pakikipag-isang dibdib sa isang puti. Ang ganitong sistema ay nanatili pa rin kahit madami an nagprotesta at lumaban. Sa makatuwid ay namatay o nakulong ang mga nanguna sa pag-aklas at lumaban sa polisiyang ito kasama na si Nelson Mandela na kilala din bilang isang *freedom fighter*.

Nakalabas ng kulungan si Nelson Mandela at nakipagtulungan kay President F.W. Klerk para makapagtatag ng bagong konstitosyon noong

1990 sa Timog Africa kung saan, naging hudyat ito nang pagkakawala ng *apartheid*.

Ginawaran silang dalawa ng *Nobel Prize for Peace* dahil na rin sa kanilang mapayapang pagkilos at sa kanilang kahanga-hangang hakbang tungo sa pagbabago at kapayapaan noong 1993.

Bilang tandang nawakasan na ang mahabang panahon ng *racial discrimination*, nahalal bilang pangulo ng Timog Africa si Nelson Mandela noong 1994.

Nelson Mandela: Bayani ng Africa

Isinalin sa Filipino ni Roselyn T. Salum

Sa mga kapita-pitagan, kataas-taasang mga panauhin, mga kasama, at mga kaibigan.

Ngayon, lahat tayong naririto ay pagkalooban nawa ng pagpapala at pag-asa sa kasisilang na kalayaan gayundin naman sa mga nagdiriwang sa iba pang bahagi ng mundo.



Mula sa mga karanasan ng di-pangkaraniwang kapahamakan ng tao na namayani nang matagal, isisilang ang lipunang ipagmamalaki ng sangkatauhan.

Ang ating mga nagawa bilang ordinaryong mamamayan ng Timog Africa ay kailangang magbunga ng tunay na mamamayan nito na magpapalawak sa paniniwala ng sangkatauhan sa katarungan, magpapalakas sa tiwala sa kadakilaan ng kaluluwa, at magtutustos sa lahat ng ating pag-asa sa kapakinabangan ng buhay ng lahat.

Ang lahat ng ito ay utang natin sa ating mga sarili at sa mga taong naririto ngayon. Sa aking mga kababayan, wala akong alinlangang sabihin na ang bawat isa sa atin ay kasinlapit ang puso sa lupa ng napakagandang bansang ito, sa tanyag na puno ng *jacaranda* sa Pretoria, at sa mga puno ng mimosa.

Sa bawat oras, bawat isa sa atin ay dadamhin ang lupang ito, mararamdaman natin ang pansariling pagbabago. Ang kalagayan ng bansa ay magbabago tulad ng panahon.

Tayo ay kumilos nang may kaligayahan at kagalakan sa paglunti ng kapaligiran at sa pagbukadkad ng mga bulaklak.

Ang espiritwal at pisikal na kaisahan na ating ibinabahagi sa lupaing ito ay nagpapaliwanag sa lalim ng sakit na dala-dala ng ating mga puso sa tuwing makikita natin ang ating bansa na unti-unting nalulugmok ng di pagkakasundo, at sa tuwing makikita natin ang pagtangga, ang paglaban

sa batas, at paghihiwalay ng mga tao sa mundo. Ito ay dahil sa naging pambansang batayan ang nakamamatay na ideolohiya at ng pagkakaroon ng rasismo.

Tayo, ang mga mamamayan ng Timog Africa, ay nakadama ng kapayakan nang ibinalik sa sangkatauhan ang pagkakaibigan. Tayo, na pinagkaitan ng batas kamakailan lang, ay binigyan ng bihirang pribilehiyong mamahala sa mga bansa sa sarili nating lupain. Pinasasalamat namin ang aming mga pinagpipitaganang panauhin sa pagparito upang angkinin, kasama ang mamamayan ng aming bansa, ang tagumpay para sa katarungan, para sa kapayapaan, at para sa dignidad.

Naniniwala kami na ipagpapatuloy ninyo ang pagtulong sa amin sa pagharap sa mga pagsubok sa pagbuo ng kapayapaan, kaunlaran, pagkakapantay-pantay ng mga lalaki at babae, walang diskriminasyon sa lahi, at demokrasya.

Malugod naming tinatanggap ang tungkulin ng aming mamamayan at ang kanilang kalayaang politikal, pananampalataya, kababaihan, kabataan, negosyo, tradisyunal, at mga pinuno na isagawa ang kongklusyong ito. Hindi mawawala riyan ang aking Second Deputy President, ang Kagalang-galang na si F. W. de Klerk.

Pinasasalamat din namin ang lahat ng bumubuo sa hukbong panseguridad sa pagganap sa kanilang tungkulin na pangalagaan ang ating unang malayang eleksiyon at ang transisyon sa demokrasya, mula sa “hukbong uhaw sa dugo” na nagaalanganpa ring makakita ng liwanag.

Ang panahon para sa paghilom ng sugat ay naririto na.

Ang panahon upang pag-ugnayin ang pagkakaiba-iba ng opinyon na nagiging dahilan ng pagkakahati-hati ay dumating na.

Ang panahon upang bumuo ay nasa atin na.

Sa wakas ay naabot na natin ang emansipasyon sa politika. Nangako tayong palalayain ang ating mamamayan sa kahirapan, kakulangan, pagdurusa, kasarian, at iba pang diskriminasyon.

Nagtagumpay tayo sa ating huling hakbang sa pagkakaroon ng kapayapaan. Itinalaga natin ang ating sarili sa pagbuo ng kumpleto, makatarungan, at panghabambuhay na kapayapaan.

Tayo ay nagtagumpay na magtanim ng pag-asa sa milyon-milyong mamamayan. Pumasok tayo sa kasunduan na bubuo tayo ng lipunan kung saan ang lahat ng mamamayan ng Timog Africa, itim man o puti, ay maglalakad na walang takot sa kanilang mga puso, tiyak ang kanilang karapatan sa pagkakaroon ng dignidad – isang bansang may kapayapaang pansarili at pambansa.

Bilang simbolo ng pagbabago sa ating bansa, ang bagong Interim Government of National Unity sa panahon ng biglaang pangangailangan, bibigyang-pansin ang isyu ng amnestiya ng mga taong kasalukuyang nakakulong.

Inaalay namin ang araw na ito sa lahat ng mga bayani ng bansang ito at sa iba pang bahagi ng mundo na nagsakripisyo at isinuko ang kanilang mga buhay upang tayo ay lumaya. Ang kanilang mga pangarap ay naging makatotohanan. Kalayaan ang kanilang handog.

Tayo ay may pagpapakumbaba at pagmamalaki sa karangalan at pribilehiyo na ikaw, mamamayan ng Timog Africa ay iginagawad sa atin, bilang unang Pangulo ng nagkakaisa, malaya, walang diskriminasyon ng lahi, at pamahalaang naniniwala sa pagkakapantay-pantay ng kasarian.

Nauunawan naming walang madaling daan para sa kalayaan.

Batid naming kung nag-iisa ay hindi maaabot ang tagumpay.

Mula sa South African Government Information Website, Isinalin sa Filipino ni Salum, Roselyn T., Nelson Mandela: Bayani ng Africa, Department of Education. *Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral*. DepEd IMCS, Pasig. First Edition, 2015.

GAWAIN 3: Paglinang ng Talasalitaan

Analohiya: Pansinin ang pagkakabuo ng unang dalawang salita at ibigay ang katumbas ng ikatlong salita. Piliin ang iyong sagot sa loob ng kahon pagkatapos ay ibigay ang kahulugan ng iyong sagot. Isulat sa sagutang papel.

1. bulaklak: hardin: pisara: _____
2. berde: kapaligiran: asul: _____
3. espiritwal: kaluluwa: pisikal: _____
4. puso: katawan: prutas: _____
5. tinapay: gutom: tubig: _____

kagubatan
puno

karagatan
silid-aralan

katawan
uhaw

GAWAIN 4: Sa Antas ng iyong Pag-unawa

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang letra ng napiling sagot sa sagutang papel.

1. Batay sa talumpati, ano ang pangunahing paksa ni G. Nelson Mandela?
A. Halalan
B. Kalayaan
C. Politika
D. Wala sa nabanggit
2. Saan inihalintulad ni Ginoong Mandela ang tungkol sa kalagayan ng mga taga-Timog Africa?
A. Sa mga hayop na kilala sa Timog Africa
B. Sa mga ibong lumilipad na parang nakawala sa hawla
C. Sa mga kilalang puno gaya ng jacaranda at mimosa
D. Sa mga luntiang damo na nakikita sa kalsada
3. Para kay Nelson Mandela, ano ang totoong sanhi o ugat ng pagkakaroon ng kaguluhan sa Timog Africa?
A. Impluwensiya ng malalaking bansa
B. Kahirapan at kawalan ng trabaho

- C. Rasismo o pagtatangi ng lahi
D. Relihiyon
4. Alin sa mga sumusunod ang ipinagkait o ipinagdamot sa ilalim ng *apartheid*?
A. Kabuhayan
B. Karapatan
C. Pamamahala
D. Lahat ng nabanggit
5. Sa pagkahalal ni Nelson Mandela, ano ang una niyang pinagtuonan ng pansin sa pamamagitan ng Interim Government of National Unity?
A. Amnestiya sa mga nakulong
B. Buwis at kita ng gobyerno
C. Kawalan ng trabaho
D. Pamimigay ng tulong sa mahihirap

GAWAIN 5: Pagsusuri sa Akda

Panuto: Sagutin nang maikli ngunit makabuluhan ang tanong sa ibaba. Sa mga makakakonekta sa internet maari ninyo tingnan ang video ng Asian Discrimination sa Estados Unidos: https://www.youtube.com/watch?v=Vc7y7TQe_Dg. Pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

A. Bilang isang kabataan, paano ka magiging susi ng pinapangarap na kapayapaan, kalayaan, at katarungan?

B. Sa papaanong paraan maiuugnay sa kalagayan ng mga Pilipino sa Pilipinas at sa ibang bansa ang paksa ng binasang talumpati? Ipaliwanag.

Tiyak kong napag-alaman mo rito na ang kapayapaan ay makakamtan lamang kung tayo ay magtutulungan. Matuto tayong makipagkaisa sa ating kapwa para matamo ang ninanais na kapayapaan. Kagaya ng sabi ni Nelson Mandela na walang madaling daan sa pagtamo ng kalayaan kaya naman hindi natin ito makakamit na mag-isa lamang. Magkaisa tayo at magtulungan para sa ikagaganda at ikauunlad ng ating bansa.



Suriin

Sa bahaging ito ng modyul, matutukoy mo ang tungkol sa sanaysay. Unawaing mabuti ang nilalaman ng talakayan upang magamit ang mga kaalamang ito sa susunod na gawain.

Alam mo ba...

Ang **Sanaysay** ay isang uri ng panitikan na isinusulat sa anyong tuluyan na karaniwang pumapaksa sa sariling kaisipan, kuro-kuro, saloobin, at damdamin na kapupulutan ng aral, at aliw ng mambabasa. Maibibilang sa uring ito ng panitikan ang mga sulating pampahayagang gaya ng artikulo, natatanging pitak o lathalain, at tudling. Kasama rin sa uring ito ang mga akdang pandalub-hasa gaya ng tesis, disertasyon, at diskurso; gayundin ang mga panunuring pampanitikan at mga akdang pampananaliksik. Ito ay ginagamit upang makapagbigay ng mahahalagang kaisipan tungkol sa paksang nais nitong talakayin.

Mga Katangian ng Sanaysay

- 1. Makabuluhan ang paksa** nito na maaaring pang-edukasyon, pang-kaugalian, pangkabuhayan, panlipunan, panrelihiyon, at iba pang paksa.
- 2. May kaisahan** na nauukol sa isang paksa lamang ang dapat talakayin at dapat ay sunod-sunod ang paghahanay ng kaisipan nito.
- 3. Tamang pananalita** o mga salita ang ginagamit ayon sa paksang inilalahad
- 4. Makatawag-pansin ang pamamaraan** kung saan ang paglalahad nito ay sa paraang masining.

Ang **mahahalagang kaisipan** sa sanaysay ay tumutukoy sa mahahalagang impormasyong ibinibigay nito sa mambabasa. Ang mahahalagang impormasyong ito ay maaaring isulat nang pabalangkas.

Ang **balangkas** ay isang lohikal o kaya'y kronolohikal at pangkalahatang paglalarawan ng paksang isusulat. Ito rin ay isang panukalang buod ng komposisyon.

Ang **talumpati** ay isang uri ng pampublikong komunikasyon na tumatalakay o nagpapaliwanag tungkol sa isang paksa. Ito ay isang halimbawa ng sanaysay na binibigkas sa harapan ng maraming tao.

Noong 1580, isinilang si **Michel de Montaigne** sa Pransiya at siya ang tinaguriang “**Ama ng Sanaysay.**” Ito ay tinawag niyang *essai* sa wikang Pranses na nangangahulugang isang pagtatangka, isang pagtuklas, isang pagsubok sa anyo ng pagsulat.

Sa Pilipinas naman, ayon kay Alejandro G. Abadilla, ang sanaysay ay ang “pagsasalaysay ng isang sanay.”

Ang dalawang uri ng sanaysay ay pormal at di-pormal o personal. Naririto ang pagkakaiba ng dalawa:

Pormal – Nagbibigay ng ito ng impormasyon, mahahalagang kaisipan o kaalaman sa pamamagitan ng makaagham at lohikal na **pagsasaayos** sa paksang tinatalakay. Maingat na pinipili ang pananalita sa pagsulat nito at ang tono ay mapitagan. Ang paraan ng paglalahad ng sanaysay ay obhetibo o di-kumikiling sa damdamin ng may-akda.


Di-Pormal o Personal – Nagsisilbing aliwan o libangan ang ganitong sanaysay. Nagbibigay-lugod ito sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga paksang karaniwan, pang-araw-araw, at personal. Ang himig ng pananalita ay parang nakikipag-usap lamang at ang tono ay **parang** kausap ang kaibigan. Subhetibo ang paglalahad nito sapagkat pumapanig sa damdamin at paniniwala ng may-akda.

Sa mga naunang modyul na iyong napag-aralan ay nalaman mo kung ano ang iba pang uri ng akda tulad ng mitolohiya, maikling kuwento, at tula. Tiyak kong handa ka na sa susunod na gawain. Simulan mo na.


GAWAIN 6: Alin ang Naiba?

Panuto: Basahin ang kasunod na teksto at paghambingin mo ang pagkakaiba at pagkakatulad ng dalawang akda gamit ang Venn diagram. Gawin ito sa sagutang papel.

<p style="text-align: center;">Nelson Mandela: Bayani ng Africa</p> <p>“Tayo, ang mga mamamayan ng Timog Africa, ay nakadama ng kapayapaan ng ibinalik sa sangkatauhan ang pagkakaibigan. Tayo, na pinagkaitan ng batas kamakailan lang, ay binigyan ng bihirang pribilehiyong mamahala sa mga bansa sa sarili nating lupain. Naniniwala kami na ipagpapatuloy ninyo ang pagtulong sa amin sa pagharap sa mga pagsubok sa pagbuo ng kapayapaan, kaunlaran, pagkakapantay-pantay ng mga lalaki at babae, walang diskriminasyon sa lahi, at demokrasya.”</p> <p style="text-align: right;"><i>Bahagi ng Talumpati ni Pang. Nelson Mandela</i></p>	<p style="text-align: center;">Ako ang Daigdig Ni Alejandro Abadilla</p> <p style="text-align: center;">Ako ang daigdig</p> <p style="text-align: center;">ako ang tula ako ang daigdig ng tula ang tula ng daigdig</p> <p style="text-align: center;">ako ang walang maliw na ako ang walang kamatayang ako ang tula ng daigdig</p> <p style="text-align: right;"><i>Bahagi ng Talumpati ni Alejandro G. Abadilla</i></p>
--	---



Magaling! Nabigyang katuturan mo ang bahaging ito kung saan mainam mong natukoy ang pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawang akdang pampanitikan. Magpatuloy tayo!



Pagyamanin

Sa bahaging ito, ikaw ay makikinig nang mabuti sa isang halimbawa ng talumpati ni Dating Pangulong Benigno C. Aquino III. Unawain at pakinggang mabuti ang video clips upang masagot ang susunod na gawain. Handa ka na ba? Magsimula ka na!

GAWAIN 7: Opinyon Mo, Ibigay Mo!

Panuto: Ipabasa sa kaanak ang huling bahagi ng talumpati ng SONA ni Dating Pangulong Benigno C. Aquino III, at pakinggang mabuti upang masagot ang ilang katanungan sa ibaba. Maaari mo ring mapakinggan ang nasabing kabuoan ng talumpati sa *youtube* (<https://www.youtube.com/watch?v=Zcsjipiwls>).

SONA 2015

ni Dating Pangulong Benigno C. Aquino III

Sa ugnayang panlabas: Ginagawa natin ang lahat para maging responsableng miyembro ng pandaigdigang komunidad; sa bawat hakbang, ang hinihiling lang natin ay ang makatwiran at naaayon sa batas. Ang problema ng lahat, isinulong nating solusyonan ang lahat, at hindi ng iilang panig lamang.

Alam din po ninyo, may kinakaharap tayong hamon sa West Philippine Sea. Ang ating kabangga, di-hamak na mas lamang, sa impluwensiya man, ekonomiya, o puwersang militar. Pero sa batayan ng katwiran at pagmamahal sa bayan, hindi po tayo nahuhuli. Kaya gaya ng lahat ng iba pang suliranin, pagkakaisa po ang tanging susi para mapangalagaan ang ating karapatan."

Mga Boss, sa totoo lang, sa mga hinarap nating hamon, puwede namang nagbigay na lang tayo ng band-aid solution. Puwedeng nag-abot na lang tayo ng isang supot ng relief goods, o nakipagsiksikan sa mga photo-op. Pero alam naman nating sa Pilipinas, galit ang tao sa epal. Aanhin nga naman ang pogi points kung magpapamana lang din naman ako ng problema sa susunod na salinlahi?

Sa bawat pagkakataon, hinahanap natin ang tunay na sanhi ng mga problema, at naglalalatag ng malinaw at pangmatagalang estratehiya upang malutas ito. Ang mga hamon ng bansa, kung hindi man nalutas na, ay nasimulan na ang mga hakbang upang marating ang permanenteng solusyon.

Bahagi ng Talumpati ni Dating Pangulong Aquino

INQUIRER.net. Pres. Benigno Aquino III SONA 2015 speech (FULL). July 28, 2015

Sagutin mo ang sumusunod na tanong tungkol sa bahagi ng napakinggang talumpati. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Batay sa napakinggang talumpati, anong problema ang ating kinakaharap tungkol sa West Philippine Sea?	→	
Ano ang maaring solusyon sa problemang nabanggit sa pinanood/binasang talumpati?	→	
Ano ang nais iparating ng dating Pangulong Aquino III sa kaniyang tagapakinig o tagapanood hinggil sa pinanood/binasang talumpati?	→	
Ano pagkakahawig o kaibhan nito sa nauna nang talumpating tinalakay ni Nelson Mandela?	→	
Ano-ano ang nakikita mong mga problema sa inyong lugar?	→	
Bilang kabataan, paano ka makatutulong sa mga problema na iyong binanggit?	→	

Mahusay! Nagawa mo ang gawain nang maayos, ngayon ay nagkaroon ka na ng kaalaman tungkol sa mga kinakaharap nating problema at kung paano ito masosolusyonan. Handa ka na ba sa susunod na gawain? Magsimula ka na.




Isaisip


Balikan ang napag-aralan mo hinggil sa sanaysay dahil ngayon ay masusubok kung gaano mo naintindihan ang pagtalakay na iyon. Humanda ka na upang maibigay mo ang iyong pananaw sa sansaysay.

GAWAIN 8: Natutuha’y Ibahagi Mo!

Panuto: Isulat ang mga mahahalagang detalyeng natutuhan sa modyul na ito. Kopyahin ang grapikong representasyon sa sagutang papel at isulat sa loob ng bilohaba ang sagot.



Binabati kita at napagtagumpayan mo ang gawaing ibinigay ko para sa iyo. Talagang tumatak sa iyong isipan ang talakayan hinggil sa sanaysay. Ngayon ay maaari ka nang dumako sa susunod na bahagi ng modyul na ito.



Isagawa

Alam kong handang-handa ka na para subukin ang galing mo sa pagsulat ng isang talumpati. Kung handa ka na! maaari ka nang magsimula.

GAWAIN 9: Damdamin mo, Italumpati Mo!

Panuto: Bumuo ng maikling talumpating pang-SONA, tungkol sa pandemyang nangyayari sa kasalukuyan. Tiyaking ang talumpati ay hindi bababa sa sampung pangungusap. Pagkatapos ay ipabasa sa magulang o nakatatandang kasama sa bahay na siyang magbibigay ng iyong iskor gamit ang pamantayan.

Pamantayan	Napakahusay (4)	Mahusay (3)	Di-gaanong mahusay (2)	Paunlarin pa (1)
Nagtataglay ng mga pahayag tungkol sa napapanahong paksa at nabuo ang 10 pangungusap				
Nagtataglay ng wastong kaayusan ng mga ideya				
Kakikitaan ng Wastong Gramatika				

Interpretasyon:

- 10 -12 – Napakahusay mo! Ipagpatuloy mo lamang ang iyong kahusayan sa gawain.
- 7- 9 – Mahusay! May mga ilang hindi nagawa ngunit naipakita pa rin ang iyong kagalingan sa gawain.
- 4 - 6 – Gawin ulit ang naiatas na gawain upang mapagtibay ang iyong kahusayan.

Lubos kitang binabati sa iyong pagpupursiging ipinamalas. Ito ay isang patunay na determinado kang matuto ngunit hindi pa riyan nagtatapos ang iyong paglalakbay. Tingnan naman natin ang iyong kahusayan sa susunod na gawain.

<p>Aralin</p> <p>6.2</p>	<p>Wika at Gramatika:</p> <p>Paggamit ng Tuwiran at Di-Tuwirang Pahayag</p>
--	---



Balikan

Sa nakaraang modyul, natalakay natin ang talumpati ni Nelson Mandela. Bilang pagbabalik-tanaw sa kasanayan sa nakaraang modyul, inaasahang isasagawa mo ang gawain upang mataya kung naunawaan mo ba ito. Tara na't magsimula na tayo!

GAWAIN 1: Ilista Mo!

Panuto: Balikan ang Talumpating Nelson Mandela: Bayani ng Africa. Ibigay ang naging pahayag ni Nelson Mandela hinggil sa suliraning kinaharap ng Africa at kung paano nila ito nalampasan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Nelson Mandela: Bayani ng Africa

Mahusay! Binabati kita! Iyong matagumpay na napag-aralan sa nakaraang aralin ang kahalagahan ng pagkakaisa at kalayaan sa talumpati ni Nelson Mandela. Nawa'y lagi mo ring isaisip ang mga napag-aralan mo hinggil dito.



Tuklasin

Batid kong marami ka nang nalaman tungkol sa mga binasa mong akda, kaugnay nito, basahin at unawain mong mabuti ang isang halimbawa ng di-pormal na sanaysay at pagkatapos sagutin ang kasunod na gawain.

Ako ay Ikaw

ni Hans Roemar T. Salum

“Ako’y isang Pinoy, sa puso’t diwa. Pinoy na isinilang sa ating bansa. Ako’y ‘di sanay sa wikang mga banyaga, ako’y Pinoy na mayroong sariling wika. Wikang Pambansa, ang gamit kong salita...” Hay, napakasarap sa pandinig ang awiting iyan ni Florante de Leon. Damang-dama ang pagmamahal ng mang-aawit sa akin.

Matagal na panahon na rin simula nang ako ay ipaglaban ni dating Pangulong Mauel L. Quezon. Ang pakikipaglaban niyang ito ay daan upang ako ay umusbong, gamitin at tangkilikin. Ako ang simbolo ng pagkakakilanlan ng ating bansa, ang Pilipinas. Sa totoo lang, ako ay ginagamit sa maraming sitwasyon at pagkakataon. Ah, tunay ngang malayo na ang aking narating bilang isang instrumento ng komunikasyon. Patunay nito, sa paglipas ng panahon ay mabilis na naging moderno na ang ating bansa. Modernong kagamitan, pamumuhay, moderno na rin pati kabataan. Talagang ang mga Pinoy ay hindi nagpapahuli. Subalit, kasabay ng pagbabago at pagiging modernong ito ay ginawa na rin akong moderno. Pakiramdam ko ay binihisan ako upang sumabay sa makabagong panahon. Sa katunayan, ang wika ng kabataan ngayon, Taglish, mga jejemon wika nga. Ang salitang nanay sasabihing mudra, ang tatay ay pudra. May magsasabi ring I wanna make bili that sapatos! Hay, kailangan bang kasabay ng pagbabago ay pagbabago sa akin? Nasaan na ang ipinaglabang wika? Mga kabataan, ang totoo, ako ay ikaw na sasalamin sa ating bansa. Hindi

masama ang pag-unlad at ang pagbabago kung ang pagbabagong ito ay para sa ikabubuti at ikaaayos ng komunikasyon.

Sa makabagong panahon, gamitin mo ako kung sa paraan ng iyong wika ang ibig mo, piliin lamang sa tamang panahon at tamang sitwasyon, tiyak na ang aking patuloy na pag-unlad.

Salun, Hans Roemar T., Ako ay Ikaw, o Department of Education. Filipino Ika-sampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral. DepEd IMCS, Pasig. First Edition, 2015.

GAWAIN 2: Sagot ko, ibahagi ko!


Panuto: Unawain at sagutin nang maikli ngunit makabuluhan ang sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Sa iyong palagay, bakit kailangang magkaroon ng wikang pambansa?

2. Bigyang interpretasyon ang pahayag na: "Mga kabataan, ang totoo, ako ay ikaw na sasalaming sa ating bansa."

3. Bilang isang kabataan, paano mo maipakikita ang pagpapahalaga sa wikang sarili?

Ang bawat napag-aralan mo ay tiyak kong magagamit mo hindi lamang sa susunod na gawain kundi maging sa tunay na buhay.



Suriin

Binabati kita sa iyong pagtitiyaga upang matuto sa akdang halimbawa ng di-pormal na sanaysay. Sa bahaging ito, malalaman mo ang pagkakaiba ng tuwiran at di-tuwirang pahayag. Kung handa ka na, maaari ka nang magpatuloy.

Alam mo ba na...

Ang **tuwiran at di-tuwirang pahayag** ay nakatutulong sa pag-unawa ng mensahe ng isang diskurso. Nagiging mas malinaw ang isang sanaysay o talumpati dahil dito. Madaling matukoy sa mga ito ang katotohanan o opinyon.

May mga pang-ugnay na nagpapatibay o nagpapatotoo sa isang argumento upang makahikayat. Ang mga halimbawa nito ay sa katunayan, ang totoo, bilang patunay, at iba pa.

Halimbawa:

1. *Sa totoo lang*, hindi mo mababakas sa mukha ng mga Pilipino ang kalungkutan dahil sa kanilang palangiting karakter.
2. Si Zephania Dimaranan ang siyang kauna-unahang nagwagi sa Idol Philippines, *bilang patunay*, narito ang kanyang bidyo.
3. “*Ang totoo*, hindi ako mapakali dahil sa kinakaharap na suliranin ng ating bansa” pahayag ng pangulo.
4. “*Sa katunayan*, parami nang parami ang tinatamaan ng COVID-19 lalo na sa NCR,” dagdag pa niya.

Ang **tuwirang pahayag** ay may pinagbatayan at may ebidensiya kaya’t kapani-paniwala ito. Ito ay naglalahad ng eksaktong mensahe o impormasyong ipinahahayag ng isang tao. Gumagamit ito ng mga panipi upang ipakita ang buong sinabi ng mamamahayag.

Samantalang ang **di-tuwirang pahayag** ay binabanggit lamang muli kung ano ang tinuran o sinabi ng isang tao. Hindi ito ginagamitan ng mga panipi. Madalas din ay ginagamitan ito ng mga pang-ukol tulad ng *alinsunod sa/kay, batay sa/kay, ayon sa/kay, atbp.* Bagama’t ito ay batay sa sariling opinyon ay nakahihikayat naman sa mga tagapakinig o mambabasa.

Tuwirang Pahayag	Di-Tuwirang Pahayag
“Ang mga nananalo ay isang nagmimithi na hindi nawawalan ng pag-asa” –Nelson Mandela	Sinabi ni Nelson Mandela na ang nananalo ay isang nagmimithi na hindi nawawalan ng pag-asa

GAWAIN 3: Suriin at Tukuyin Mo!


A. Panuto: Suriin ang mga pangungusap na ginamit sa akdang binasa kanina na “Ako ay Ikaw” at tukuyin kung **tuwiran** o **di-tuwiran** ang pahayag na ginamit. Isulat ang sagot sa sagutang papel

1. Sa totoo lang, ako ay ginagamit sa maraming sitwasyon at pagkakataon. Ah, tunay ngang malayo na ang aking narating bilang isang instrumento ng komunikasyon.
2. Ayon kay Florante de Leon, ~~na~~ siya ay isang Pinoy, sa puso’t diwa. Pinoy na isinilang sa ating bansa. Siya’y ‘di sanay sa wikang mga banyaga, siya’y Pinoy na mayroong sariling wika. Wikang Pambansa, ang gamit niyang salita...”
3. Talagang ang mga Pinoy ay hindi nagpapahuli. Subalit, kasabay ng pagbabago at pagiging modernong ito ay ginawa na rin akong moderno. Pakiramdam ko ay binihisan ako upang sumabay sa makabagong panahon.
4. Ayon sa tagapagsalaysay sa “Ako ay Ikaw” na ang ako ay ikaw na sasalamin sa ating bansa. Hindi masama ang pag-unlad at ang pagbabago kung ang pagbabagong ito ay para sa ikabubuti at ikaaayos ng komunikasyon.
5. Sa katunayan, ang wika ng kabataan ngayon, Taglish, mga jejemon wika nga. Ang salitang nanay sasabihing mudra, ang tatay ay pudra.

B. Panuto: Unawain ang tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Paano nakatutulong ang angkop na mga tuwiran at di-tuwirang pahayag sa pagkuha ng mahahalagang impormasyon?

Ngayong nauunawaan mo na ang kahalagahan ng sanaysay sa paglalahad ng mahahalagang impormasyon at sa paggamit ng tuwiran at di-tuwirang pahayag. Maaari mo ng panoorin at suriin ang gawain sa ibaba.



Pagyamanin

Sa bahaging ito naman ng iyong modyul, ikaw ay manonood ng isang halimbawa ng talumpati ni Pangulong Rodrigo Duterte. Panoorin at unawaing mabuti ang video upang masagot ang susunod na gawain. Handa ka na ba? Magsimula ka na!

GAWAIN 4: Halina't manood at sumuri!

A. Panuto: Panoorin ang *video* ng SOCA ni Mayor Vico Sotto sa link na <https://www.youtu.be/7C9hwO3S-uA>. Magsimula sa 51:30. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Tungkol saan ang naging talumpati ni Mayor Sotto?

2. Sino ang pinasalamatan niya sa kaniyang talumpati?

3. Paano winakasan ni Mayor Sotto ang kaniyang talumpati?

B. Panuto: Muling balikan ang pinanood na *video* ng SOCA ni Mayor Vico Sotto. Magbigay ng tuwiran at di-tuwirang mga pahayag na ginamit sa napanood na video. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Tuwirang pahayag

Di-tuwirang pahayag

Dahil sa matiyaga mong panonood, naisagawa mo nang maayos ang gawaing ito. Ngayon ay maaari ka nang dumako sa susunod na bahagi.



Isaisip


Bago mo isagawa ang gawaing ito, balikan mo muna ang mahahalagang kaalaman tungkol sa tuwiran at di-tuwirang pahayag sa pagbibigay ng mensahe at impormasyon upang masagot ang gawaing naghihintay sa iyo.

GAWAIN 5: Dugtungan tayo!

Panuto: Unawain ang mga tanong sa ibaba upang masagot ang mga ito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Bakit mahalaga ang paggamit ng tuwiran at di tuwirang pahayag sa pagbibigay ng mensahe o impormasyon?

Nakaragdag ba sa iyong pag-unlad ang gawaing ito? Nawa'y naging produktibo ka sa pag-aaral ng modyul na ito!



Isagawa

Magaling! Naabot mo na ang bahaging ito at natitiyak kong malapit mo nang matapos ang ating aralin. Baon ang mga konseptong iyong natutuhan tungkol sa sanaysay, at ang tuwiran at di-tuwirang pahayag, masasabi kong handa ka na sa kasunod na gawain.


GAWAIN 6: Hikayat Mo, Isulat Mo!

Panuto: Sumulat ng isang maikling talumpati tungkol sa paksang “Sugpuin ang Pandemya, Bayanihan ay Mahalaga”. Gumamit ng tuwiran at di-tuwirang pahayag. Isulat ito sa sagutang papel.

Sugpuin ang Pandemya, Bayanihan ay Mahalaga!

Pamantayan	Laang Puntos	Aking Puntos
Nagtataglay ng mga pahayag tungkol sa napapanahong paksa	20 puntos	
Nagtataglay ng wastong kaayusan ng mga ideya	10 puntos	
Nagtataglay ng mga tuwiran at di-tuwirang pahayag	10 puntos	
Wastong Gramatika	10 puntos	
Kabuuan	50 puntos	

Lubos kitang binabati sa iyong ipinakikitang determinasyon upang matapos ang araling ito. Ito ay isang patunay na determinado kang matuto ngunit huwag ka munang susuko hindi pa riyon nagtatapos ang iyong lakbayin. Gawin ang pagtataya sa ibaba para sa pagtatapos ng araling ito.



Tayahin

Magaling! Binabati kita dahil narating mo ang bahaging ito. Tiyak na marami kang natutuhan sa Modyul na ito. Atin nang tayahin ang iyong kaalaman.

PANGWAKAS NA PAGTATAYA

Panuto: Basahin at unawain ang bawat pahayag sa ibaba. Pagkatapos, isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

- Anong uri ng panitikan ang isinusulat ang sariling kaisipan, kuro-kuro, saloobin at damdamin na nagbibigay-aliw o aral?
 - Balangkas
 - Debate
 - Maikling Kuwento
 - Sanaysay
- Ano ang isang lohikal o kaya'y kronolohikal at pangkalahatang paglalalarawan ng paksang isusulat. Ito rin ay isang panukalang buod ng komposisyon.
 - Balangkas
 - Debate
 - Maikling Kuwento
 - Sanaysay
- Ano ang ginagamit sa pagsusulat ng tuwirang pahayag upang ipakita ang buong sinabi nito?
 - kahon
 - kuwit
 - Panaklong
 - Panipi
- Alin sa sumusunod ang katangian ng Pormal na Sanaysay?
 - Nagbibigay ng impormasyon
 - Nagsisilbing aliwan/libangan
 - Ang himigng pananalita ay parang nakikipag-usap lamang
 - Pakikipagkaibigan ang tono
- Kinakailangan nating magtulungan upang magkaroon ng katiwasayan ang ating bayan. Ano ang kahulugan ng salitang nasalungguhitan sa loob ng pangungusap?


- A. kaayusan
 - B. kagandahan
 - C. kalinisan
 - D. katahimikan
6. Anong sistema ang winakasan ni Pangulong Nelson Mandela sa kaniyang pamumuno?
- A. apartheid
 - B. corruption
 - C. over population
 - D. world war
7. Ayon sa aralin, sinoang kinikilalang bayani ng Timog Aprika?
- A. Nelson Mandela
 - B. Nnamdi Azikiwe
 - C. WK de Klerk
 - D. Wala sa nabanggit

Para sa bilang 8-10

“Ang espiritwal at pisikal na kaisahan na ating ibinabahagi sa lupaing ito ay nagpapaliwanag sa lalim ng sakit na dala-dala ng ating mga puso sa tuwing makikita natin ang ating bansa na unti-unting nalulugmok ng di pagkakasundo, at sa tuwing makikita natin ang pagtangga, o paglaban sa batas, at paghihiwalay ng mga tao sa mundo. Ito ay dahil sa naging pambansang batayan ang nakamamatay na ideolohiya at pagkakaroon ng rasismo.”
Salin mula sa talumpati ni Nelson Mandela

8. Ano ang kahulugan ng rasismo na binanggit sa bahagi ng salin mula sa talumpati ni Nelson Mandela?
- A. hindi pagkakapantay-pantay na pagtingin sa magkaibang lahi
 - B. malalim na sakit na dala-dala ng ating pagkatao
 - C. pagtangga at paglaban sa batas
 - D. pakikipag-unahan ng bawat bansa sa pag-unlad
9. Ano ang pangunahing rason sa pagkakaroon ng kaguluhan?
- A. Batas at Kaayusan
 - B. Digmaan
 - C. Ideolohiya at pagkakaroon ng rasismo
 - D. Kayamanan
10. Alin sa mga sumusunod ang pinakamainam na paraan para hindi mabilis magpadala sa mga ideolohiya na nakakasira sa pagkakaisa ng mga tao?
- A. Pagsusuri mabuti sa mga impormasyon
 - B. Pagsali sa mga kilusan para matuto
 - C. Subukan gawin ang nasabing idelohiya
 - D. Lahat ng nabanggit ay tama

Binabati kita! Natapos mo ang inihandang gawain para sa iyo. Ngayon maaari mo nang simulan ang karagdagang gawain. Magsimula ka na!



Karagdagang Gawain

Batid kong naisaisip at naisapuso mo ang mga konseptong natutuhan mo sa natalakay na aralin. Maalala mo pa ba ang mga ito? Tingnan natin ang isang pabula mula sa Persia na kung saan ay makakapulot tayo ng gintong aral!

Sa pamamagitan ng sanaysay, isulat ang inyong natutuhan tungkol sa pakikipagkaibigan at pagiging matalino sa pagpapasiya sa isang buong papel.

Ang Pusa at ang Daga

Pabula mula Persia ni Naṣr Allāh Munsh

Isang *gurbah* (pusa) ang nahuli sa bitag ng mangangaso. Nagkataong isang *moosh* (daga) naman ang lumabas mula sa kanyang lungga para maghanap ng pagkain. Natuwa ang pusa nang makita niyang hindi makawala ang pusa sa bitag. Ngunit nakita niyang may kuwagong aali-aligid at *weasel* na nag-aabang sa kanya. Kinausap niya ang pusa na tutulongan niya itong makawala sa bitag kung poprotektahan siya laban sa kuwago at *weasel*


Nang makita ng kuwago at *weasel* na nag-uusap ang daga at pusa ay umalis ang mga ito. Sinimulan ng daga na kagatin ang net ng bitag upang makawala ang pusa. Ngunit nangamba ang daga, ano ang pipigil sa pusa na kainin siya kapag ito ay nakawala? Nangako ang pusa na hindi niya kakainin ang daga ngunit nagdesisyon ang daga na tatapusin lamang niya ang pagkagat sa net kapag natiyak na ligtas na siya upang hindi makain ng pusa. Hindi nagtagal at dumating ang mangangaso. Agad kinagat ng daga ang huling hibla ng net at nakalaya ang pusa habang mabilis namang nakabalik ang daga sa kanyang lungga.

Pagkaalis ng mangangaso ay muling bumalik ang pusa upang kumbinsihin ang daga na siya ay kaibigan at dapat pagtiwalaan. Ngunit hindi siya nagtagumpay na makumbinsi ang daga.

Pabula mula Persia ni Naṣr Allāh Munsh, Isinalin sa Filipino ni Joel Costa Malabanan, Ang Pusa at ang Daga, <https://blogs.bl.uk/asian-and-african/2015/10/the-cat-and-the-rat-a-popular-persian-fable.html>.

Napakahusay mo! Binabati kita mahal kong mag-aaral dahil masigasig mong natapos ang araling ito. Nabatid mo kung ano ang katuturan ng sanaysay at ang paggamit ng tuwiran at di-tuwirang pahayag sa pagbibigay ng mabisang mensahe o impormasyon. Humanda ka na dahil ang kasunod nito ay ang huling modyul na ating pag-aaralan sa Ikatlong Markahan. Ang aralin ay tungkol sa **Nobela mula sa Nigeria.**





Susi sa Pagwawasto

<p>Karagdagang Gawain</p> <p>Ang guro na ang bahalang magpasiya sa kawastuhan ng mga sagot at katumbas na paliwanag.</p>	<p>Tayahin</p> <p>PANGWAKAS NA PAGTATAYA</p> <p>1. D 2. A 3. D 4. A 5. A 6. A 7. A 8. A 9. C 10. D</p>	<p>Gawain 6</p> <p>Ang guro na ang bahalang magpasiya sa kawastuhan ng mga sagot at katumbas na paliwanag.</p>
<p>Gawain 5</p> <p>Ang guro na ang bahalang magpasiya sa kawastuhan ng mga sagot at katumbas na paliwanag.</p>	<p>Gawain 4 (A&B)</p> <p>Ang guro na ang bahalang magpasiya sa kawastuhan ng mga sagot at katumbas na paliwanag.</p>	<p>Gawain 3</p> <p>B - Ang guro na ang bahalang magpasiya sa kawastuhan ng mga sagot at katumbas na paliwanag.</p>
<p>Gawain 3</p> <p>A</p> <p>1. Tuwiran 2. Di-Tuwiran 3. Tuwiran 4. Di-Tuwiran 5. Tuwiran</p>	<p>Gawain 2</p> <p>Ang guro na ang bahalang magpasiya sa kawastuhan ng mga sagot at katumbas na paliwanag.</p>	<p>Gawain 1</p> <p>Ang guro na ang bahalang magpasiya sa kawastuhan ng mga sagot at katumbas na paliwanag.</p>

ARALIN 6.2
(Wika at Gramatika: Paggamit ng Tuwiran at Di-Tuwirang Pahayag)

Subukin	
PAUNANG PAGTATAYA	
1. C	2. A
3. B	4. C
5. A	6. B
7. C	8. A
9. D	10. A

ARALIN 6.1
(Panitikan: Nelson Mandela: Bayani ng Africa)

<p>Gawain 1</p> <p>Ang guro na ang bahalang magpasiya sa kawatuhan ng mga sagot at katumbas na paliwanag.</p>	<p>Gawain 2</p> <p>Ang guro na ang bahalang magpasiya sa kawatuhan ng mga sagot at katumbas na paliwanag.</p>	<p>Gawain 3</p> <p>1. Silid-aklatan 2. Karagatan 3. Katawan 4. Prutas 5. Tinapay</p>
<p>Gawain 4</p> <p>1. B 2. C 3. C 4. D 5. A</p>	<p>Gawain 5</p> <p>Ang guro na ang bahalang magpasiya sa kawatuhan ng mga sagot at katumbas na paliwanag.</p>	<p>Gawain 6</p> <p>Ang guro na ang bahalang magpasiya sa kawatuhan ng mga sagot at katumbas na paliwanag.</p>
<p>Gawain 7</p> <p>Ang guro na ang bahalang magpasiya sa kawatuhan ng mga sagot at katumbas na paliwanag.</p>	<p>Gawain 8</p> <p>Ang guro na ang bahalang magpasiya sa kawatuhan ng mga sagot at katumbas na paliwanag.</p>	<p>Gawain 9</p> <p>Ang guro na ang bahalang magpasiya sa kawatuhan ng mga sagot at katumbas na paliwanag.</p>

Sanggunian

Department of Education. *Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral*. DepEd IMCS, Pasig. First Edition, 2015

South African Government Information Website, Isinalin sa Filipino ni Salum, Roselyn T., Department of Education. *Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral*. DepEd IMCS, Pasig. First Edition, 2015.

INQUIRER.net. Pres. Benigno Aquino III SONA 2015 speech (FULL). July 28, 2015

Salum, Hans Roemar T., Department of Education. *Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral*. DepEd IMCS, Pasig. First Edition, 2015.

Rappler. Vico Sotto delivers State of the City Address / Thursday, July 2. July 2, 2020.

Naşr Allāh Munsh, Isinalin sa Filipino ni Joel Costa Malabanan, <https://blogs.bl.uk/asian-and-african/2015/10/the-cat-and-the-rat-a-popular-persian-fable.html>.

<https://www.britannica.com/biography/Nelson-Mandela>

<https://blogs.bl.uk/asian-and-african/2015/10/the-cat-and-the-rat-a-popular-persian-fable.html>

<https://www.google.com/amp/s/arkitektongkapayapaanblog.wordpress.com/2016/05/05/ang-tuwiran-at-di-tuwirang-pahayag/amp/>

<https://www.youtube.com/watch?v=Zcsji-piwls>

<https://www.youtu.be/7C9hwO3S-uA>

<https://www.sanews.gov.za/south-africa/read-nelson-mandelas-inauguration-speech-president>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph